Volume 17 September 2020
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.156

# Pagsusuring Kritikal sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia: Mungkahing Disenyo ng Aralin

**WENDY G. NANGKIL**
wendynangkil@gmail.com
https://orcid.org/0000-0001-5877-1332

## ABSTRAK

Ang pag-aaral ay isang Pagsusuring Kritikal sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia. Naglalayong suriin batay sa elementong itinatampok at ang Kwalitatibong pagsusuri ang ginamit. Dalawa sa mga akda ay nagkamit ng prestihiyosong gantimpala sa Gawad Palanca at ang tatlo ay nakakuha ng mataas na marka sa *goodreads.com*.

Ang elementong itinatampok sa piling nobela batay sa tema ay isyung panlipunan, politikal, at relihiyon; taglay ang kompletong banghay; ang pangunahing tauhan ay nauuri sa bilog; maayos na nailarawan ang bawat tagpuan; namamayani ang iba't ibang damdamin; sa paningin, gumamit ang unang dalawang nobela ng pangatlong panauhan at unang panauhan sa huling tatlong nobela; sa simbolismo, nagpapahiwatig ng ibang kahulugan. Ang pagbabalik-tanaw, pagsasalaysay, at paglalarawan ang namayaning estilo. Taglay ang iba't ibang katangiann ng Pagpapahalagang moral.

Ang mga nobela ay hindi lamang nakatuon sa simpleng pag-unawa sa mga akda at literal na kahulugang napapaloob rito. Mahahasa din ang kayayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga makaluma at makabagong salita. Magkakaroon din ng integrasyon sa iba pang asignatura kung gagamitin ito bilang pantulong na kagamitan dahil tumatalakay ito sa iba't ibang tema na tiyak magdudulot nang mas malawak na pagkatuto.

Bilang rekomendasyon; ibabahagi ang mga resulta at mga natuklasan sa kinauukulan, sa mga guro at sa mga mag-aaral upang higit na

maunawaan at maisapuso ang mga kaisipang hatid ng sinuring piling nobela

**MGA SUSING SALITA:** Pagsusuri, Nobela, Elemento, Estilo ng Paglalahad, Pagpapahalagang Moral, Implikasyon, Disenyo ng Aralin

## PANIMULA

Maraming pagbabagong nagaganap sa mundo sa iba't ibang aspekto. Kabilang na rito ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, ng pamumuhay ng mga tao, at ang unti-unting pagbabago at paglinang ng ating kultura. Masasabing kabahagi ng ating kultura ang panitikang Pilipino. Sa kasalukuyan, ang ating panitikan ay nagkakaroon ng maraming pagbabago na sumasalamin sa pagbabago rin ng mga henerasyon ngayon. Ayon kay Maramba (2006), ang mga mag-aaral sa henerasyong ito ay sadyang pilit na tumutuklas ng mga babasahing tutugon sa hinahanap ng kanilang panlasa. Kadalasang ito ay naaayon sa kanilang interes, sa kung ano ang nauuso, at nagbibigay-aliw.

Patuloy na itinuturo sa paaralan ang mga akdang pampanitikan gaya ng dula, sanaysay, epiko, maikling kuwento, nobela at iba pa. Nagkakaroon din ng iba't ibang pagsusuri, pagbibigay interpretasyon at pag-aanalisa sa mga akdang ito. Kung saan, nasusukat ang kagandahan at kayarian ng bawat akda upang mas lalo itong maunawaan at mapahalagahan. Nahahasa rin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa at pagsulat.

Isa sa mga uri ng panitikan na patuloy na tinatangkilik ng mga tao lalong-lalo na ng kabataan ngayon ay ang tinatawag na nobela. Ito ay isang malikhaing akdang pampanitikan na binubuo ng maraming kabanata, tauhan, suliranin na mag kaangkupang solusyon at kung babasahin ay hindi matatapos sa isang upuan lamang. Ito ay akdang likha ng guniguni na naglalarawan ng buhay na pinagaganda o maaaring tunay na pangyayari na ang layunin ay magbigay aliw sa mga mambabasa sa pamamagitan ng kanais-nais na pagganap ng mga kaugalian at gawi ng pamumuhay o dili kaya'y paglalantad ng panganib o salungat sa kabutihan upang ito'y maiwasan.

Sa kasalukuyan, tumatalakay ang nobela ng mga paksain tungkol sa reporma, pag-ibig, ugaling Pilipino, pamilya, pang-araw-araw na pamumuhay. Nagpapatuloy ang pag-unlad ng nobelang Filipino sa tulong ng mga patimpalak katulad ng Carlos Palanca Memorial Awards at ng mga

magasing katulad ng Bannaway, Liwayway, at Bisaya at mga komersyal na komiks. Gamit ang makabagong teknolohiya, nagiging mas madali na para sa mga Pilipino, lalo na sa mga kabataan ang magkaroon ng access at makapagsulat ng mga nobela katulad sa website na Wattpad, (Mariano, 2019).

Bahagi rin ng kultura ng isang lipunan ang edukasyon na patuloy na magbabago at binabago (Zafra, 2006). Kabahagi nito, may mga pagbabago sa pormalidad ang matatagpuan sa mga sikat na nobela sa kasalukuyan, mga pagbabagong naiiba sa tradisyunal na mga katha. Maaari itong makatulong sa pagtuturo sa mag-aaral. Nasasanay ang kanilang kakayahan sa pagbasa at napapalawak ang kanilang bokabularyo. Bukod doon ay nalilibang din sila sa kanilang pagbabasa sapagkat nakabatay ito sa kanilang interes.

Mahalagang malaman ng mga mag-aaral ang mga elemento at katangian na napapaloob sa kanilang binabasang akda upang lubos itong maunawaan. Samakatuwid, nahikayat ang mananaliksik na suriin ang mga elemento, katangiang nangingibabaw at pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga piling nobela ni Eros Atalia at ang implikasyon nito sa mga mag-aaral. Nilalayon din na makabuo ng disenyo ng aralin at kaparaanan na maggagamit sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na mas malilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral kung gagamitin ng guro ang mga makabagong katha na nakabatay sa interes ng mga mag-aaral at makapukaw sa kanilang atensiyon at maging mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto sa panitikan.

Isa sa mga teorya ng pagkatuto sa pagbasa ay ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Wang at Guthrie (2004), ang mga panloob na salik (kuryosidad, kabahagi, preperensya sa mapanghamong material) at mga panlabas na salik (kompetesiyon, pagkilala, marka, pagsunod, sosyolohikal) na nakaaapekto sa motibasyon ng mag-aaral upang magbasa. Ang mag-aaral na nagtataglay ng panloob na motibasyon ay higit na makapagtatamo mayaman at malalim na pagkaunawa at pagpapahalaga sa binabasang material, gayundin sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa.

Sa Constuctivist Theory ni Bruner (1966), ang pagkatuto ay isang aktibong proseso na kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng mga bagong ideya batay sa kanilang dati at kasalukuyang kaalaman. Isinaad niya na ang isang teorya ng pagtuturo ay dapat matugunan ang apat na pangunahing mga aspeto: (1) predisposisyon tungo sa pag-

aaral, (2) ang mga paraan kung saan ang mga kaalaman ay nakalatag at madaling makuha o magamit ng mag-aaral 3) ang pinaka-epektibong pagkakasunud-sunod kung paano ito ilalahad at (4) likas na katangian at huwaran ng pagbibigay ng ganti at parusa. Bruner (1966). Kaugnay nito, mas napadadali ang pagkatuto at pagbuo ng mga ideya ng mga mag-aaral kung gagamit ng mga materyales na naka-ayon sa interes ng mga mag-aaral.

Ang Social Learning Theory ay nagsasad na ang pag-uugali ng tao ay natutunan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga nagsisilbing modelo nito. Mula sa pagmamasid sa iba, nakabubuo siya ng bagong ideya kung paano ginaganap ang mga bagong pag-uugali at ang mga bagong impormasyong nabuo ay nagsisilbing gabay niya para sa pagkilos. Nagsasaad ito na malaki ang nagiging impluwensya ng mga bagay na nangyayari sa paligid ng isang tao sa kung paano siya kikilos (Bandura, 1977). Kaugnay nito, ang isang mambabasa ay maaring maimpluwensyahan ng kanyang binabasa, kung paano siya kikilos at sa kanyang mga desisyon sa buhay.

Batay sa Teoryang Kognitibo ay isang progresibong pag-aayos ng mga proseso ng kaisipan bilang resulta ng biological maturation at karanasan sa kapaligiran. Ang mga bata ay nagtatatag ng pag-unawa sa mundo sa kanilang paligid, pagkatapos ay makaranas ng mga pagkakaiba sa pagitan ng kanilang nalalaman at kung ano ang natutuklasan nila sa kanilang kapaligiran (Piaget, 1936). Nakabubuo ang mga mambabasa ng kanilang sariling pag-unawa at ideya mula sa kanilang nababasa at maaaring i-ugnay nila ito sa kanilang kaalaman at karanasan sa buhay. Kung gayon, lumalawak ang pang-unawa ng mga mag-aaral kung patuloy ang kanilang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan.

Ang pagbasa ay isang kasanayan sa pag-unawa ng mga salita na naglalaman ng kaalaman upang mapaunlad ang sarili. (Dadzie, 2008). Isa sa mga paraan ng paghasa sa kasanayan sa pag-unawa ay ang paggamit ng mga akdang tuluyan, gaya na lamang ng nobela, sapagkat mas madali itong basahin at nakapagbibigay-aliw din.

May mga ebidensya na nagpapatunay sa mga positibong epekto ng pagbabasa ng mga katha. Ang mga mambabasa ng mga katha ay nagpapakita ng positibo at mataas na antas ng pag-unawa (Topping, 2015). Nagpapatunay lamang kung gaanong nakatutulong ang mga kathang nobela sa pag-unlad ng mambabasa.

Ang pagbabasa ng mga makatotohanan at di-makatotohanang katha ay nagbibigay ng malalim na konsentrasyon sa mga mambabasa (Towey, 2001). Gaya na lamang ng pagbabasa ng mga nobela, nabibigyang kaalaman, napapalawak ang bokabularyo, napapaunlad ang kakayahang pang gramatika, at higit sa lahat, naiimpluwensyahan din nito ang aspetong pandamdamin. Nahahasa ang konsentrasyon ng isang mambabasa.

Ang mga mambabasa ng mga katha ay nakararanas ng kasiyahan sa pagbasa (Damber, 2011). Dahil dito, nagiging makabuluhan ang kanilang pagkatuto at mas nagiging inspirado sa pang araw-araw na buhay.

Sa pamamagitan ng pagkahilig sa pagbasa ng isang bata, maaari siyang makapagtamo ng kaalaman tungkol sa iba't ibang bagay, umunlad ang pag-unawa sa iba't ibang babasahing makatotohanan at di-makatotohanan, gumaling sa larangan ng gramatika, at nagpapalawak sa kanilang bokabularyo (Strauss, 2014).

Isa sa mga nagiging hamon ng mga guro, ang pagpili at paghahanap ng mga mabisang materyales sa pagtuturo na aangkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral. Hindi lamang dapat limitahan ng guro ang kanyang mga kagamitan sa pagtuturo sa kung ano ang nasa aklat. Maaari rin siyang maghanap ng iba pang alternatibo upang mas maging mabisa at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa panitikan.

Sinabi nga ni Arrogante (2010) na ang literatura ay isa sa dapat ituro nang may kahusayan sapagkat bukambibig na ang wika at literatura ay kambal na isinilang sa bibig ng isang lahi. Ang wika ay siyang kaluluwa at ang literatura ay siyang buhay nito. May maraming layunin ang pagtuturo ng literatura; nakapagbibigay-lugod, nakapagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa iba't ibang gawain at karunungan, pumupukaw ng guniguni at gumigising sa damdamin, nagtuturo ng mga aral at humihikayat nang mabuti, nagpapahalaga ng mga makabuluhan sa buhay higit sa lahat may layuning pagtatanim ng kabutihang-asal, wastong pag-uugali at pag-ibig. Isa lamang ito sa patunay na tunay na mabisa ang pagbabasa ng mga akdang nobela lalong-lalong na sa mga kabataan sa kasalukuyan.

Sa pagsusuri ng iba't ibang akdang pampanitikan ay kinakailangang magkaroon ang bawat isa ng malawak na pag-unawa rito. Kailangan ding magkaroon ng malawak na pagpapahalaga sa literatura at kaalaman kung paano ginamit ng may-akda ang mga elemento nito at iba pang teknik sa masining na pagsulat (Emralino, 2019).

"Dahil mababaw lamang ang napag-aralan ng masa, mababaw rin ang pamantayan at sakop ng kanilang imahinasyon, dahil dito, iminumungkahi

ko na mag-aral, partikular na sa mga kumukuha ng kursong Panitikan at Peryodismo, na magbasa kahit paano ng ganitong Panitikan. Isa itong paraan upang makapasok sila sa sikolohika ng karaniwang tao." Malamang ito ang sasagot para mapa-unlad pa natin ang kultura ng pagbabasa (Atalia, 2009). Ipinahihiwatig lamang kung gaano kahalaga ang pagbasa at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan, gaya na lamang ng mga akdang nobela. Sa pamamagitan nito, hindi lamang nahahasa ang kakayahan ng isang mag-aaral, napapaunlad at napapayaman din ang ating kulturang panitikan.

Upang higit na maunawaan ang isang akda ay dapat na susuriin, iwawasto at unawain ang nilalaman nito upang makuha ang nais ipahiwatig sa madla (Villanueva, 2013). Gaya ng tiyak na teorya, pamantayan sa pamumuna, katawagang pampanitikan, at ugnayan at pagkakaayos ng mga tiyak na elemento ng akda. Ito ay makatutulong upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang panitikan ng bansa (Villafuerte & Bernales, 2008).

Sa pagtuturo ng panitikan, hindi sapat na sa pamamagitan ng labi lamang, kinakailangang magkaroon ng mapang-unawang puso upang malayang mabigyang kahulugan ang mga damdaming namamayani rito (Alcaraz, Jocson & Villafuerte, 2005). Kung gayon, mahalagang maunawaan ng mambabasa ang kanyang binabasa, hindi lamang ang nilalaman, pati na rin ang damdamin at emosyong nakapaloob sa akda. Lubos na magiging mabisa at makabuluhan ang pagkatuto.

Ang nobela ay itinuturing na makulay, mayaman at makabuluhang anyo ng panitikang tuluyan. Binubuo ito ng mga yugto na nagsasalaysay ng mga kawing-kawing na pangyayari ng buhay ng mga tao na bukod sa nagbibigay-aliw ay nagpapakilos at pumupukaw sa damdamin at kamalayan ng mga mambabasa (Emralino, 2019).

Ang paggamit ng nobela bilang suporta sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagpapakita ng kaunlaran ng mga mag-aaral sa loob ng klase (Gareis, Allard, & Saindon, 2009). Nagpapatunay lamang na epektibo ang paggamit ng nobela sa pagtuturo, hindi lamang kaalaman ang nalilinang, napapalawak din nito ang imahinasyon at pagiging malikhain.

Ayon kay Belvez (2005) ang isang guro ay nagsisikap na magkaroon ng baryedad ng mga gawain sa klase upang maiwasan ang pagkainip o pagkabagot, pagkasawa at panlalamig ng sigasig ng mga mag-aaral. Ang mga gawaing ito ay may iba't ibang antas at may iba't ibang uri na binatay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nabibigyang

kalayaan ang mga mag-aaral na pumili ng babasahin na angkop sa kanyang kakayahan at interes na magpapalawak sa kanyang kaalaman.

Maraming bagay ang nagpapamoderno sa isang akda, isa na rito ang pagtuklas ng bagong paksa na may impresyon ng realidad, paglinang sa lingguwahe ng panitikan, paglaya mula sa nakagisnang moralidad at mga kombensyon, at pagiging bukas sa katotohanan ng pagbabago (Matz, 2004). Ang modernisasyong ito ay masasalamin sa mga elemento ng nobela sa kasalukuyang henerasyon. Kung kaya't ang mga kabataan ngayon ay tumatangkilik sa makabagong nobela kung saan sila ay nakauugnay.

Samantala, ang kalikasan at mga sangkap ng nobela ay di naiiba sa maikling katha sa bahagi, balangkas, sangkap at elemento. Naiiba lamang ito sa iba pang akdang pampanitikan sa paglalahad nito ng maraming kawing-kawing na mga pangyayari na ginagawang masalimuot at hinati-hati sa iba't ibang kabanata. Ang mga katangian ng mahusay at magandang nobela ay may kwento o kasaysayan, may pag-aaral o pagmamasid sa mga gawa at kilos ng mga tauhan, paggamit ng malikhaing guni-guni, taglay ng nobela ang mga sangkap ng maikling kwento: ang banghay, mga tauhan, at tagpuan. Ang mga sangkap na ito ay nagtutulung-tulong sa pagpapahayag ng tema. Karaniwang ang nobela ay may pangunahing banghay at isa o higit pang subplot o bahagi ng istorya. Ang mga pangunaging tauhan ng nobela ay buong-buo. Habang sumusulong ang banghay, natuklasan naman ng mga mambabasa ang iba't ibang uri ng personalidad, motibo, at damdamin ng mga tauhan. Karaniwang naglalagay ng maraming tauhan ang mga nobelista. Maaari rin siyang lumikha ng iba't ibang tagpuan at maggalugad ng higit sa isang tema (Mariano, 2019).

Bahagi rin ng pagsusuri sa anyo ang paggamit ng wika o ng salitang ginagamit ng may-akda. Sa pagbabasa, nawawala ang interes ng mambabasa kung ang akda ay may mabigat na wika na kay hirap intindihin. Lalo na sa mga kabataan ngayon na gumagamit na ng mga makabagong salita. Bukod sa napakahaba ng isang nobela, nahihirapan din sa pag-unawa sa mga malalim na salita. Mas nakauunawa kung hinahaluan ng simpleng salita ang akda.

Ayon kay Cook at Dinkins (2015), sa kanilang pag-aaral na "Building disciplinary literacy through popular fiction. Electronic Journal of Science Education," ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng pagkahumaling sa binabasa kung ito ay may kaugnayan sa kung ano ang nauuso. Dagdag

pa nila'y, kung ito ay pasok sa interes ng mga mag-aaral, mas tumataas ang antas ng pagkawili.

Natuklasan ni Wilkinson (2015), sa kanyang pag-aaral na "Literature Review: The Impact of Reading for Pleasure and Empowerment", ang mga kabataan ay naaaliw, mas nauunawaan ang sarili at ibang tao, nagkakaroon ng sosyal na interaksyon, nauunawaanang kultura, napapalawak ang imahinasyon, umuunlad ang konsentrasyon, at napapagaan ang pakiramdam, at higit sa lahat, nalilinang ang kasanayang komunikasyon at inaasahan ang mataas na antas ng pagkatuto.

Ayon naman kay Wilhelm (2015), nakatuklas sa kanyang pag-aaral na kinakailangan ng guro na magbigay pansin sa mga nais ng mga mag-aaral, ang sariling desisyon ng mga mag-aaral ay mas nagbibigay kabuluhan sa kanilang pagkatuto at mas lalo pang maunawaan ang panitikan na maaring mai-ugnay sa kanilang karanasan.

Sa pag-aaral ni Ghiabi (2014) na pinamagatang "Investigation of the Effect of Using a Novel as as Extensive Reading on Student's Attitudes and Reading Ability", na ang paggamit ng mga akdang Pampanitikan ay nagdudulot ng positibong pag-uugali sa mga mambabasa. Dagdag pa niya'y napapaunlad ang kasanayang linggwistika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkamit ng malawak na bokabularyo at nagiging pamilyar sa gramatika, higit sa lahat, mas napapaunlad ang pang-unawa sa kultura at nababago ang pananaw sa mundo.

Sumasang-ayon ang pag-aaral ni Cost (2016), na "Fiction Reader: A Case Study Documenting the Impacy Reading Fiction has on One Child's Literacy", ang epekto ng pagbabasa ng kathang di-makakatotohanan ay nakatutulong sa mga mag-aaral, nakalilibang, at nakapa-uunlad sa pang-unawa at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari. Inirekomenda din niya na nararapat pagtuonan ng pansin ng mga guro ang mga epektong ito upang maisaayos at gumamit ng iba't-ibang paraan sa pagtuturo. Kabilang na rito ang paggamit ng nobela bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo.

Bilang resulta sa paggamit ng di-makatotohanang katha sa pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa pagbasa ng mga makatotohanang katha (Topping, 2015). Nagpapatunay lamang na malaki ang naitutulong ng pagbasa ng pampanitikang babasahin, gaya ng nobela o maikling kwento, sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pag-unawa ng mag-aaral.

Natuklasan sa pag-aaral ni Fernandez (2019) "Kritikal na Papel Pagsusuri ng Isang Kontemporaryong Nobelang Filipino" bawat nobela ay

may kanya-kanyang paraan kung paano huhulihin ang kiliti ng mambabasa. May magpapatawa, magpapaiyak, magpapakilig, mananakot, manggugulo at mambabagabag. Dagdag pa niya'y makikita sa mga sinuring akda ang iba't uri ng paglalaban sa lipunan. Krisis sa identidad, krisis sa pamilya, tunggalian sa ibang tao, ang hirap ng pag-adapt na hindi ka naman kabilang, agawan sa kapangyarihang pulitikal, at iba pa.

Nailahad sa pag-aaral ni Saul (2019), na ang kritikal na pagiisip ang higit na nangibabaw na kasanayan mula sa mga domeyn ng pagkatuto. Natunghayan ito sa pagsusuri, paghahambing at pag-uugnay ng mga kaisipan, pagbuo ng pangangatwiran, paghihinuha, pagbibigay-puna, sariling pananaw o reaksyon ng mga mag-aaral. Kung gayon, mahalagang matuto sa kasanayang kritikal na pagsusuri sa isang akda, ang pag-analisa sa nilalaman, elemento, katangian, at pagpapahalagang nakapaloob sa isang akda.

Batay naman sa nakalap na impormasyon nina Camus, Iran at Fusin (2018) sa kanilang pag-aaral na "Ako sa Makabagong Panahon," inirekomenda nila na: (1) Gabayan maigi ng mga guro ang kanilang mga estudyante tungkol sa mga pagbabago ng mga salita. (2) Turuan ang karamihan kung paano at kung ano ang pinagbago ng mga salita sa panibagong henerasyon. (3) Maging mapagmasid sa mga pagbabagong nangyayari sa ating paligin lalo na ang pamamaraan ng makabagong mga salita.

Sa kasalukuyan, marami ng makabagong salita na nauuso sa mga kabataan ngayon na nagiging dahilan ng unti-unting pagkalimot sa tradisyunal. Sumasabay din ang panitikan sa mga pagbabagong ito, makikita na sa mga makabagong akda ang mga salita ito. Ang mga akdang ito ang kadalasang tinatangkilik ng mga kabataan sapagkat nakauugnay sila. Kung kaya't nararapat lamang na nakasunod din ang mga guro sa pagbabagong ito upang hindi mapag-iwanan at magabayan ng maayos ang mag-aaral sa pagpili ng mga angkop na salitang gagamitin sa kabila ng modernisasyong nagaganap sa kanilang henerasyon.

Ang pag-aaral ay isang panunuring pangnilalaman kung kaya ang disenyong kwalitatibo ang ginamit na kung saan hindi na nangangailangan ng istatistikal na metodo, kundi, ito ay pag-aanalisa sa mga makamundong pangyayari. Nagpapahayag ito ng isang nakahihikayat na proseso na ang mga kategorya at suliranin ay lilitaw sa pamamagitan ng mga nakalap na impormasyon o datos katulad ng interbyu, obserbasyon, videotapes, at case studies (Marlow, 1993). Para sa katuparan ng pag-aaral na ito,

nilalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano-ano ang mga itinatampok sa mga piling akdang nobela ni Eros Atalia batay sa sumusunod na elemento: tema, banghay, tauhan, tagpuan, damdamin, paningin, at simbolismo?; (2) Ano ang estilo ng paglalahad sa mga piling nobela ni Eros Atalia?; (3) Anong pagpapahalagang moral ang nangingibabaw sa mga piling nobela ni Eros Atalia?; (4) Ano ang implikasyon ng mga piling akdang Nobela ni Eros Atalia sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?; at (5) Anong disenyo ng aralin ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa mga piling nobela ni Eros Atalia?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananliksik na ito ay ginamitan ng Kwalitatibo na uri ng pananaliksik, isang pamamaraan sa pagsasaliksik na gumagamit ng kritikal na pag-iisip upang makapaglikha ng panibagong anyo ng paglalarawan hinggil sa pangangailangan. Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa pamamaraang sinuri ang ilan sa mga Piling Akdang Nobela ni Eros Atalia ayon sa mga pamantayan. Ang kinalabasan nito ay binigyang interpretasyon upang matukoy at maipaliwanag ang kabisaaan at kahalagahan nito sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

Ang mananaliksik ay nagsasagawa ng pagsusuri ng mga elementong nakapaloob sa mga piling nobela ni Eros Atalia na siyang gagamiting instrumento sa pag-aaral na ito. Ang mga sumusunod na akda ang napili: Ang nobelang "Ang Ikatlong Anti-Kristo" ay nagkamit ng parangal sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Grand Prize Nobela noong 2017. Habang ang nobelang "Tatlong Araw Tatlong Gabi" ay nagkamit ng NBDB National Book Award Nominee for Best Novel in a Philippine Language (2014) at Don Carlos Palanca Memorial Awards for Grand Prize (2013). Ang pangatlong napiling nobela ay ang "Peksman (Mamatay ka man) Nagsisinungaling Ako" kung saan nakakuha ng marka na 3.89 sa tanyag na website na goodreads.com. Ang ikaapat naman ay ang "Ligo na U, Lapit na Me" ay naisapelikula sa 7th Cinemalaya Independent Film Festival noong Hulyo 2009 at nagkamit din ng markang 3.85 sa goodreads.com. Ang huling nobelang napili ay ang "It's Not That Complicated: Bakit Hindi Pa Sasakupin Ng Mga Alien Ang Daigdig sa 2012," ito rin ay nagkamit ng markang 4.07 sa goodreads.com. Isinangguni ang nasabing mga akda sa mga lupon ng tagapagsusulit ng tesis at gayundin sa tagapayo ng mananaliksik at ito ay binigyan ng pahintulot.

Bago ginamit ng mananaliksik ang mga piling nobela na isinulat ni Eros Atalia, binasa at pinagpilian muna niya ang karapatdapat na gagamitin sa pagsusuri. Siya ay nagkaroon ng pamantayan sa pagpili. Ang mananaliksik ay pumili lamang ng limang (5) piling nobela ni Eros Atalia na susuriin ang iba't ibang elementong pampanitikan: Tema, Banghay, Tauhan, Tagpuan, Damdamin, Paningin, at Simbolismo. Bumuo ng pamantayan ang mananaliksik na naging batayan sa pagpili ng akda. Ito ay isinangguni at ipinawasto sa kanyang tagapayo. Ito ang mga sumusunod: (1) Kinakailangang hindi bababa sa lima ang mga akdang nobela ni Eros Atalia ang susuriin; (2) Ang mga ito ay orihinal na isinulat ni Eros Atalia; (3) Ang pangunahing wikang ginagamit ay wikang Filipino; (4) Nagkamit ng mga gantimpala ang ilan sa kanyang mga akda at ang kanyang mga akda ay mabenta o bestseller. Naglilimita lamang ang pananaliksik na ito sa pagsusuri sa mga elementong pampanitikan na nakapaloob sa mga akda.

Talahanayan 1. Pamagat ng mga Piling Akdang Nobela ni Eros Atalia

| Pamagat | Sanggunian sa Internet | Petsa ng Paglimbag | Gantimpala/Karangalang Nakamit |
|---|---|---|---|
| Ang Ikatlong Anti-Kristo | https://bit.ly/38RLhm3 posted by goodreads | Published September 2017 | Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Grand Prize Nobela (2017) |
| Tatlong Araw, Tatlong Gabi | https://bit.ly/38CV7rw posted by Hanna Ryu | Published November 2013 by Visprint, Inc. | NBDB National Book Award Nominee for Best Novel in a Philippine Language (2014), Don Carlos Palanca Memorial Awards for Grand Prize (2013) |
| Peksman (Mamatay ka man) Nagsisinungaling Ako | https://bit.ly/2UlhxoY posted by Harbie Aclas | Published 2007 by Visual Print Ent. | May average rating na 3.89 sa https://www.goodreads.com |
| Ligo na U, Lapit na Me | https://bit.ly/3ps8EZd posted by goodreads | Published 2009 by VISPRINT, INC. | was adapted into film in th 7th Cinemalaya Independent Film Festival in July 2009 May average rating na 3.85 sa https://www.goodreads.com |
| It's not that complicated | https://bit.ly/3ltQFz7 posted by goodreads | Published March 19th 2012 by Visprint, Inc. | May average rating na 4.07 sa https://www.goodreads.com |

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga akdang naisulat ng awtor na si Eros Atalia na napiling suriin ng mananaliksik sapagkat nagtataglay ang mga ito ng mga katangian na hinahanap ng mananaliksik sa gagawing pag-aaral.

Isa sa mga tanyag na nobelista sa kasalukuyan si Eros Atalia. Isa siyang manunulat na nagtapos ng MALL-Fil sa DLSU noong 2008 at BSE-Fil sa PNU noong 1996. Kinilala ng Komisyon sa Wikang Filipino ang kanyang mga sanaysay at tula. Unang Gantimpala sa Pandaylipi Ink. sa pagsulat ng tula noong 1995, Gawad Balagtas (PNU 1996), Unang Gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (2006, 2013, 2017), Gawad Soc Rodrigo (2007), Fellow sa UP-ICW Writers Workshop noong 2007. May akda ng Taguan Pung (kalipunan ng mga akdang di pambata) at Manwal ng mga Napapagal (kopiteybol dedbol buk) (UST 2005) at Peksman (mamatay ka man) Nagsisinungaling Ako (VPE 2007) at "Ligo na U, Lapit na Me (VPE, 2009). Bukod sa mga gantimpala at karangalang nakamit ni Eros Atalia, karamihan din sa kanyang mga gawa ay napapanahon, hango sa kung ano ang nangyayari sa lipunan kung kaya'y maraming mambabasa ang nakakaugnay at patuloy na sumusubaybay sa kanyang mga katha. Mababatid na marami ang tumangkilik at nagkaroon ng magagandang reaksyon dito kaya't ito ang nag-udyok sa mananaliksik na suriin at mag-aanalisa sa ilan sa mga katha niya. Bukod dito ay kakikitaan din ng magagandang kaisipan, aral at damdamin na maaring makatulong sa paghubog sa kaisipan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsuri ng mga kathang nobela. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri sa mga elemento nito ay matutuklasan ang kaanyuan, nilalaman, at pagkakabuo ng kanyang mga akda. Makatutulong din ito sa pagpapaunlad at pagpapanitili ng kultura at panitikang Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong pag-aralan at suriin ang mga piling akdang nobela ni Eros Atalia upang maging gabay sa mga guro at mag-aaral, maaaring magamit bilang batayan sa paglinang ng panitikan at kultura, makatulong sa pagkuha sa interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng integrasyon nito sa mga diskusyon at aralin sa asignaturang Filipino.

Binasa nang makailang ulit ng mananaliksik ang limang (5) akdang nobela. Gumawa ng sariling katanungan na isinangguni at pinahintulutan ng tagapayo. Ito ay inilapat sa ginawang pagsusuri upang matiyak na wasto ang pagsusuring isinagawa ng mananaliksik.

Sinuri ng mananaliksik ang (5) limang piling nobela ni Eros Atalia batay sa mga elementong itinatampok: Tema, Banghay, Tauhan, Tagpuan, Damdamin, Pananaw, at Simbolismo. Gayundin ang pagsusuri sa estilo ng paglalahad sa mga piling nobela, mga pagpapahalagang moral na nangibabaw, at ang implikasyon ng mga piling nobelang ito sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Inilahad ng mananaliksik ang ginawang pagsusuri sa sumusunod na mga piling nobela ni Eros Atalia: Ang Ikatlong Anti-Kristo (2017), Tatlong Araw, Tatlong Gabi (2013), Peksman (Mamatay ka man) Nagsisinungaling Ako (2007), Ligo na U, Lapit na Me (2009), at It's not that complicated (2012). Ang naunang dalawang akda ay nagkamit ng prestihiyosong gantimpala sa Gawad Palanca habang ang huling tatlo ay nagkaroon ng mataas na marka sa goodreads.com. Inilahad ang mga elemento, estilo ng paglalahad, at pagpapahalagang moral na napapaloob sa mga piling akda.

**Pagsusuri sa Elemento sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia Batay sa Tema.** Sa pagsusuring ginawa ng mananaliksik kaugnay sa elemento na tema sa mga piling nobela ni Eros Atalia na kung saan nangibabaw sa mga ito ang pagtalakay sa isyung panlipunan, politikal, at relihiyon. Karaniwang ito ay kaugnay ng isang panlahat na ideya na sumibol sa kabuuan ng mga pangyayaring pangkuwento. Nagpapatunay lamang na mahalaga ang tema sa isang nobela sapagkat nakasalalay dito ang magiging kabuuang imprersyon ng mambabasa.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Banghay.** Sa pagsusuring ginawa sa mga piling nobela ni Eros Atalia, natuklasan na kompleto ang banghay na nakapaloob sa bawat nobela mula sa simula, gitna, kasukdulan, kakalasan, at wakas. Patunay lamang na mahalaga ang banghay sa isang akda sapagkat dito nabibigyang pansin ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral na ginawa ni Cost (2016) na Fiction Reader. A Case Study Documenting the Impacy Reading Fiction has on One Child's Literacy, na ang epekto ng pagbabasa ng katha gaya ng nobela ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kakayahan sa pagsusunud-sunod ng mga pangyayari sa isang akda.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Tauhan.** Napatunayan sa pagsusuri na magkakaiba ang mga katangian ng bawat tauhan sa mga nobela. Binigyang-diin ng awtor ang paglalarawan sa bawat tauhan ng kanyang mga nobela lalong-lalo na ang mga pangunahing tauhan dito. Si Father Marcus ng "Ang Ikatlong Anti-Kristo" ay isang uri ng tauhang bilog sapagkat noong una'y nagtataglay ng mabuting kalooban, malakas ang dating, may mahigpit na pananalig sa Diyos at positibong karakter ngunit sa kalagitnaan ng kwento ay unti-unti na siyang nadadala sa kasikatan at ginhawang hatid sa kanya ng tinuturing na kaloob. Ngunit kalaunan ay bumabalik na siya sa dating sarili at sa huli'y isinakripisyo ang buhay upang mapigilan ang kasamaan.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Tagpuan.** Sa pagsusuring ginawa sa tagpuan, natuklasan na detalyado ang pagkakalarawan ng awtor sa bawat tagpuan ng kanyang mga akda. Sa dalawang nobela na Ang Ikatlong Anti-Kristo at Tatlong Araw Tatlong Gabi, parehong nasa probinsya ang tagpuan. Habang ang huling tatlong nobela ay may isang tagpuan na magkakatulad lahat, ito ay ang bahay ni Intoy na pangunahing tauhan sa tatlong serye ng nobela.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Damdamin.** Sa pagsusuri sa mga piling nobela ni Eros Atalia na parehong nangibabaw at binigyang-diin sa dalawang nobela na Ang Ikatlong Anti-Kristo at Tatlong Araw Tatlong Gabi ang damdaming takot, pangamba, pagkalito, pananalig sa Diyos, at pagmamahal sapagkat magkatulad ang dalawang nobela na kakikitaan ng mga pangyayaring may kababalaghan at karasahasan. Habang namayani naman ang damdaming pagkaaliw at katatawanan sa tatlong huling nobela.

Nagpapatunay lamang ang mga ito kung gaano kayaman sa pagpapakita ng damdamin ang limang sinuring piling nobela ng mananaliksik at nakadadag sa pagiging mabisa nito. Ganito rin ang natuklasan sa ginawang pag-aaral ni Fernandez (2019) na pinamagatang Kritikal na Papel Pagsusuri ng Isang Kontemporaryong Nobelang Filipino na ang bawat nobela ay may kanya-kanyang paraan kung papaano huhulihin ang kiliti ng mambabasa.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Paningin.** Sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik, natuklasan na ang unang dalawang nobela ni Eros Atalia na Ang Ikatlong Anti-Kristo at Tatlong Araw Tatlong Gabi ay parehong nagtataglay at

gumagamit ng pananaw na pangatlong panauhan. Habang ang huling tatlong nobela na Peksman (Mamatay Ka Man) Nagsisinungaling Ako, Ligo Na U, Lapit Na Me, at It's Not That Complicated: Bakit Hindi Pa Sasakupin Ng Mga Alien Ang Daigdig sa 2012 ay ginamitan ng pananaw na unang panauhan.

Dito gumagana ang imahinasyon ng mag-aaral sapagkat mapapa-isip kung ano ang tumatakbo sa isipan ng iba pang tauhan sa kwento. Limitado lamang ang inilalahad na may-akda depende sa kung anong pananaw ang ginamit.

**Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia batay sa Simbolismo.** Nagtataglay ng iba't ibang simbolismo ang mga akda ni Atalia. Sa nobelang Ang Ikatlong Anti-Kristo, ipinakita na ang mga taong nagsisimba ay hindi lahat nagpapahiwatig na totoo ang paniniwala sa Diyos. Sa Tatlong Araw Tatlong Gabi naman ay ipinakita ang paggawa ng halayang Ube bilang simbolo sa mayayamang tradisyon ng isang lugar na sa magpahanggang ngayon ay nananatili pa rin, ang bagyo na sumisimbolo sa kadalasang pagbabago ng takbo ng panahon ay nagpapahiwatig lamang sa unti-unting pagkasira ng kalikasan, at si Gov. Benedicto na naglalarawan sa mga politikong mabuti lamang sa salita ngunit hindi sa gawa. Sa nobelang Peksman (Mamatay Ka Man) Nagsisinungaling Ako, malinaw na ipinakita ang diskriminasyon, masasalamin ito sa ating lipunan sa kasalukuyan, mas nirerespeto ang mga taong may mataas na estado kumpara sa mga taong pangkaraniwan. Sa nobelang Ligo Na U, Lapit Na Me, sinisimbolo ng mga karakter ni Intoy at Jenny ang mga modernong kabataan sa kasalukuyan. Pang huli, ang nobelang It's Not That Complicated: Bakit Hindi Pa Sasakupin Ng Mga Alien Ang Daigdig sa 2012, ay nagpapakita na si Intoy ay nagsisilbing repleksyon ng iilan sa atin, naglalarawan sa mga taong nakakulong pa rin sa nakaraan at sa mga pangkaraniwang empleyado na nagtatrabaho ng maayos upang lalong yumaman ang kompanyang pinagtatrabahuan.

Ang mga nabanggit na kinalabasan ng ginawang pag-aaral sa bahaging ito ay mayroong kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Alvarado (2018) na pinamagatang Luha ng Buwa: Wika at Isyong Sosyo-Politikal ng mga Magsasaka, na napatunayang ang mga nobela ay kadalasang nagtataglay ng mga makahulugang salita, gaya ng paggamit ng tayutay at matalinghangang salita.

**Pagsusuri sa Estilo ng Paglalahad sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia.** Sa estilo ng paglalahad sa mga piling nobela ni Eros Atalia,

natuklasan sa pag-aaral na gumamit ng paraan na pagbabalik-tanaw ang awtor sa kanyang pagsulat sa limang nobela. Kadalasan ang simula ng kwento ay nasa gitnang bahagi at paunti-unting natutuklasan ang mga naunang pangyayari habang umuunlad ang kwento, isinasalaysay at binabalikan ang mga nakaarang tagpo na karugtong ng kasalukayan. Sa ganitong paraan din ay napapaisip ang mga mambabasa at mas lalong nai-engganyong tapusin ang bawat nobela. Makulay din ang mga wikang ginamit ng awtor sa kanyang limang nobela. Kakikitaan ng iba't ibang uri ng wika gaya na lamang ng wikang pambansa, panlalawigan, wikang balbal at kolokyal, maging ang wikang Ingles ay ginamit din. Detalyado at mayaman sa titik kung magsalaysay ang awtor, binibigyang-diin ang mga karakter lalo na ang mga pangunahing tauhan sa bawat nobela, pati na rin ang mga tagpuan nito. Naipakilala ng awtor ang makabagong nobela para sa kasalukuyang henerasyon sapagkat napapanahon ang tema, ilang pangyayari, at mga wikang ginamit.

Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri sa bahaging ito ay mayroong kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Manallo (2016) na pinamagatang Differientiated Instruction: Estratehiya sa Pagtuturo ng Literaturang Filipino, na dapat ang isang guro ay gumamit ng estratehiya na pakapagpapataas ng antas ng pag-unawa sa literaturang Filipino ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay dapat naangkop sa kakayahan, interes, lebel, at estilo ng pagkatoto ng bawat mag-aaral. Nagpapatunay lamang na nararapat gumamit ang guro ng mga kagamitang pampagtuturo na magbubunga sa mataas na antas ng pagkatuto na naaayon din sa kakayahan ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri sa Pagpapahalagang Moral na Nangibabaw sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia.** Sa pagpapahalagang moral, nangingibabaw sa mga piling nobela ni Eros Atalia, sa dalawang nobela ang Ang Ikatlong Ant-Kristo at Tatlong Araw Tatlong Gabi ay ang pagmamahal sa pamilya at sa mga taong nangangailangan, pananalig sa Diyos, pagiging matatag sa anumang pagsubok sa buhay, pagkakaroon ng pag-asa. Habang ang pagpapahalagang moral na nangibabaw sa huling tatlong nobela na Peksman (Mamatay Ka Man) Nagsisinungaling Ako, Ligo Na U, Lapit Na Me, at It's Not That Complicated: Bakit Hindi Pa Sasakupin Ng Mga Alien Ang Daigdig sa 2012," ay ang pagkakaroon ng determinasyon, pagpapahalaga sa mga taong minamahal, pagpapahalaga sa sarili at pagiging responsable sa mga ginagawa, pagpapatawad, pagkintal sa isip na walang naidudulot na kabutihan ang paghihigante, at ang pagtanggap sa kabiguan.

Ang pagpapahalagang moral na ito ay hindi lamang magpapaunlald sa kognitibong aspeto kundi'y matuturuan din ng mga makabuluhang aral at mabuting asal na maaaring mailapat sa sarili ng mga mag-aaral. Ang nasabing kinalabasan sa nataurang pag-aaral sa bahaging ito ay mayroong kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Ghiabi (2014) na pinamagatang Investigation of the Effect of Using a Novel as aExtensive Reading on Student's Attitudes and Reading Ability, na ang paggamit ng mga akdang pampanitikan ay nagdudulot ng positibong pag-uugali sa mga mambabasa.

**Pagsusuri sa Implikasyon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa mga Piling Nobela ni Eros Atalia sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.** Sa pag-aaral, napag-alaman ng mananaliksik ang iba't ibang implikasyon ng mga piling nobelang sinuri sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Una, napapayaman nito ang bokabularyo at mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng wikang nakapaloob sa mga nobela. Pangalawa, nahahasa ang kayayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga salita. Pangatlo, maaaring mai-ugnay sa sarili ang mga kahalagahang moral na masasalamin sa nobela. Pang-apat, kung gagamitin ito ng guro sa pagtuturo ng Filipino, magkakaroon ng integrasyon sa iba pang asignatura dahil tumatalakay sa iba't ibang tema ang mga nobela na tiyak magdudulot ng malawak na pagkatuto. Pang-lima, napapadali ang pagtuturo ng guro sa panitikan kung gagamit ng na ganitong uri ng nobela sapagkat maari nitong makuha ang interes, mabigay-aliw, at mapalawak ang imahinasyon ng mga mag-aaral. Ngunit sa kabilang banda, maaring magdudulot ng hindi magandang impluwensya sa mambabasa ang ilang masamang salitang ginamit at ilang seksuwal na pangyayaring inilahad sa huling dawalang nobela.Ang mga nabuong implikasyon sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay mayroong kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Wilkinson (2015), na pinamagatang The Impact of Reading for Pleasure and Empowerment, na ang mga kabataan ay naaliw, mas nauunawaan ang sarili at ibang tao, nagkaroon ng sosyal interaksyon, nauunawaan ang kultura, napapalawak ang imahinasyon, umuunlad ang konsentrasyon, at napapagaan ang pakiramdam, at higit sa lahat nalilinang ang kasanayang komunikasyon at inaasahan ang mataas na antas ng pagkatuto.

## KONKLUSYON

1. Makikita sa limang nobela ni Eros Atalia ang mga elemento. Nangibabaw ang temang tumatalakay sa isyung panlipunan, politikal, at relihiyon. Inilahad naman sa banghay ang panimula, gitna, kasukdulan, kakalasan, at wakas ng bawat nobelang sinuri. Sa tauhan, nagtataglay ang lahat ng bilog na uri ng pangunahing tauhan kung saan pabago-bago ang ugaling naipakita. Nailarawan naman nang maayos ang bawat tagpuan ng mga piling nobela. Sa elementong damdamin, nanaig ang takot, pangamba, pagkalito, pananalig sa Diyos, pagmamahal, pagkaaliw, paghanga at determinasyon, lungkot, paghihinagpis, pag-asa, galit, awa, at paghihigante. Gumamit din ng dalawang paningin ang awtor sa limang nobela, sa unang dalawang nobela ay ginamitan ng pangatlong panauhan habang ang huling tatlo ay nagtataglay ng unang panauhan. Pang huli, nagsilbing simbolismo sa limang nobela ang mga tauhan mismo kung saan nagpapahiwatig ang mga ito ng ibang kahulugan.
2. Ang limang nobela ay ginamitan ng mga paraang pagbabalik-tanaw, pagsasalaysay, at paglalarawan. Kadalasang ini-uugnay ang mga dating karanasan ng mga tauhan sa kasalukuyan na naging epektibo naman sapagkat napapanatili ng may-akda ang mga mambabasa. Mas lumalawak ang kaalaman ng mambabasa sa pagsusuri ng mga elemento ng isang akda. Nagtataglay din ng iba't ibang wika ang bawat nobela kaya mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng mag-aaral.
3. Nangibabaw sa limang nobela ang mga pagpapahalagang moral na pagmamahal sa pamilya at sa mga taong nangangailangan, pananalig sa Diyos sa kabila ng mga pagsubok na nararanasan, pagiging matatag sa anumang pagsubok sa buhay, pagkakaroon ng pag-asa pagkakaroon ng determinasyon, pagpapahalaga sa mga taong minamahal, pagpapahalaga sa sarili at pagiging responsable sa mga ginagawa, pagpapatawad, pagkintal sa isip na walang naidudulot na kabutihan ang paghihigante, at ang pagtanggap sa kabiguan. Ang mga ito ay mahalaga sapagkat napapatingkad at mas nabibigyang kabuluhan ang mga piling nobela.
4. May mga implikasyong maidudulot ang mga piling akdang nobela ni Eros Atalia sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga nobela ay hindi lamang nakatuon sa simpleng pag-unawa sa mga akda at literal na kahulugang napapaloob rito. Mataas na antas ng pagkatuto ang makakamit ng mag-aaral sapagkat napapayaman nito ang bokabularyo

at mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng wikang nakapaloob sa mga nobela. Nahahasa din ang kayayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga makaluma at makabagong salita. Ang mga pagpapahalagang moral na masasalamin sa bawat nobela ay maaring mai-ugnay o mailapat sa sarili at magsilbing gabay sa maayos at disenteng pamumuhay. Magkakaroon din ng integrasyon sa iba pang asignatura kung gagamitin ito ng guro bilang pantulong na kagamitan dahil tumatalakay ang mga piling nobela sa iba't ibang tema na tiyak magdudulot nang mas malawak na pagkatuto. Napapadali rin ang pagtuturo ng guro sa panitikan kung gagamit ng ganitong uri ng mga nobela sapagkat maari nitong makuha ang interes, mabigay-aliw, at mapalawak ang imahinasyon ng mga mag-aaral. Ngunit sa kabilang banda, maari ring magdudulot ng hindi magandang impluwensya sa mambabasa ang ilang hindi angkop na salitang ginamit at ilang seksuwal na pangyayaring inilahad sa huling dawalang nobela.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, inilahad ng mananaliksik ang sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Ibahagi ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito sa mga kinauukulan sa paaralang sekundarya ng San Jose National High School, Inabanga upang makatulong at magamit ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino at magsilbing gabay sa pagsusuri ng mga nobela at iba pang akdang pampanitikan.
2. Gamitin ang mga sinuring piling akdang nobela ni Eros Atalia sa pagtuturo ng nobela sa mga mag-aaral ng Junior High School sapagkat nagtataglay ito ng mga elemento, pagpapahalagang moral, at higit sa lahat, magdudulot ng malawak at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Lalo pang kilalanin ang may-akda ng limang nobelang sinuri na si Eros Atalia upang higit na maunawaan at maisapuso ng mga mag-aaral ang mga kaisipan at aral na hatid ng kanyang mga akda.
4. Ang resulta at natuklasan sa pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan at gamitin ng mga guro sa Filipino na magsasagawa ng pag-aaral tungkol sa nobela at mga iba pang uri ng akdang pampanitikan.

## SANGGUNIANG BANGGIT


Aclas, H. (2015). Pagsusuri: Peksman (Mamatay ka man) Nagsisinungaling ako (At iba pang kwentong kasinungalingan na 'di dapat paniwalaan) ni Eros Atalia. Retrieved from: https://bit.ly/37fT3n5

Alcaraz, C. V., Jocson, M. O., & Villafuerte, P. V. (2005). *Filipino 1: Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Lorimar Publishing Company, Inc.

Alvarado, E. (2018). Luha ng Buwaya: Wika at isyung sosyo-politikal ng mga magsasaka. Cebu Normal University, Philippines. International Journal of Research Studies in Education 2019 Volume 8 Number 4 Special Issue, 67-75. Retrieved from: https://bit.ly/33lDtp2

Arrogante, J. A. (2010) Panitikang Filipino Antolohiya. Mandaluyong City: National Book Store.

Atalia, Eros (2017). Ang Ikatlong Anti-Kristo. Published September 2017 (first published 2017). Retrieved from: https://bit.ly/3q9xsVV

Atalia, E. (2009). Ligo Na U, Lapit Na Me. Mass Market Paperback, 185 pages. Published 2009 by VISPRINT, INC. Retrieved from: https://bit.ly/2VcXb1M

Atalia, Eros (2012). It's Not That Complicated: Bakit Hindi pa Sasakupin ng mga Alien ang Daigdig sa 2012. Mass Market Paperback, 231 pages. Published March 19th 2012 by Visprint, Inc. Retrieved from: https://bit.ly/3q6Exqv

Bandura, A. (1977). Social Learning Theory. New York: General Learning Press

Belvez, P. M. (2005) Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Sta. Mesa Heights, Lungsod ng Quezon: Rex Printing Company, Inc, 2005.

Bruner, J. (1966). Toward a Theory of Instruction. Cambridge, MA: Harvard University Press. Retrieved from: https://bit.ly/2GEj7N9

Camus, I. A., Iran, C. T., Fusin, A. P. (2018). Ako sa makabagong panahon. Departamento ng Edukasyon Pangwika Kolehiyo ng Edukasyon Central Mindanao University Musuan, Maramag, Bukidnon. Retrieved from: https://bit.ly/2RX9f97

Cook, K. L., & Dinkins, E. G. (2015). Building disciplinary literacy through popular fiction. Electronic Journal of Science Education, 19(3), 1–24. Retrieved from: https://bit.ly/3BuWh4d

Cost, G. (2016). Fiction Reader: A Case Study Documenting the Impact Reading Fiction has on One Child's Literacy. The College at Brockport: State University of New York. Retrieved from: https://bit.ly/3yO3r2w

Dadzie, P. S. (2008). Reading for Education: The roles of Libraries. Ghana Library Journal Vol. 20. No. 1. pp. 1-14

Damber, U. (2011). Literature and Empowerment: A Study of Multicultural Grade Three Classes Overachieving in Reading. Online Submission, 88–102.

Emralino, H. (2019). Gabay sa Pagsusuri ng Nobela. Retrieved from: https://bit.ly/3oYy8NZ

Fernandez, K. L. (2019). KRITIKAL NA PAPEL Pagsusuri ng Isang Kontemporaryong Nobelang Filipino, Si Amapola sa 65 na Kabanata ni Ricky Lee. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod ng Quezon. Retrieved from: https://bit.ly/2R4lLU0

Gareis, E., Allard, M., & Saindon, J. (2009). The Novel as Textbook. TESL Canada Journal, 26(2), 136–147. Retrieved from: https://bit.ly/3BwINow

Ghiabi, S. (2014). Investigation of the Effect of Using a Novel as an Extensive Reading on Students' Attitudes and Reading Ability. International Journal of Applied Linguistics & English Literature ISSN 2200-3592 (Print), ISSN 2200-3452 (Online). Retrieved from: https://bit.ly/3fvsgbZ

Wang, J. H. Y., & Guthrie, J. T. (2004). Modeling the effects of intrinsic motivation, extrinsic motivation, amount of reading, and past reading

achievement on text comprehension between US and Chinese students. *Reading research quarterly*, *39*(2), 162-186. Retrieved from: https://bit.ly/3AvHlBe

Manallo, A. D. (2016). “Differentiated Instruction: Estratehiya sa Pagtuturo ng Literaturang Filipino” Paaralang Gradwado ng Sorsogon State College. Retrieved from: https://bit.ly/3fvb9H6

Maramba, A. D. (2006). Essays on Living: Beyond the Classroom. Pasig City: Anvil Publishing Inc.

Mariano, M. (2019). Ang Nobela sa Bawat Dekada Unang Bahagi. Mariano Marcos State University. Graduate School. Laoag City Retrieved from: https://bit.ly/34s0xCv

Marlow, C. (1993). Research methods: For generalist social work. California: Brooks/Cole Publishing Company.

Matz, J. (2004). The Modern Novel. A Short Introduction. Blackwell Publishing Mga teorya at tungkulin ng wikang Filipino. Retrieved from: https://bit.ly/3yHdaHX

Piaget, J. (1936). Origins of intelligence in the child. London: Routledge & Kegan Paul. Retrieved from https://bit.ly/2oNa9jY

Ryu, H. (2019). Tatlong Araw Tatlong Gabi by Eros Atalia, Summary and Analysis. Retrieved from: https://bit.ly/36c3Q2u

Saul, A. J. (2019). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Erya ng mga Wika at Panitikan, Kolehiyo ng Edukasyon, mga Sining at Agham, De La Salle Lipa. Retrieved from: https://bit.ly/3c4kJ1D

Strauss, V. (2014). Why kids should choose their own books to read in school. The Washington Post. Retrieved from: https://wapo.st/2RT35Ha

Topping, K. J. (2015). Fiction and non-fiction reading and comprehension in preferred books. Reading Psychology, 36(4), 350–387.

Towey, C. A. (2001). Flow: the benefits of pleasure reading and tapping readers' interests. Acquisitions Librarian, 13(25), 131.

Villafuerte, P. V., & Bernales, R. A. (2008). Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City, Mutya Publishing House.

Villanueva, V. (2013). Karatulastasan: Mungkahing Gamit/Paraan sa Pagtuturo at Pagkatuto Upang Suriin ang Kakayahang Umunawa. DALUMAT E-Journal, 4 (1-2). Retrieved from: https://bit.ly/2pGN6xR

Wilhelm, J. (2015). Let them read trash-the power of choice, the power of pleasure. *English in Aotearoa*, (85), 16-22. Retrieved from: https://bit.ly/3v29GOt

Wilkinson, S. (2015). Literature Review: The impact of reading for pleasure and empowerment. Chief Executive Officer at The Reading Agency. Retrieved from: https://bit.ly/3pqxMj2

Zafra, G. S. (2006). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12) Retrieved from: https://bit.ly/2Vdx8ch